Republic of the Philippines
Department of Education
**Region V-Bicol**
**SCHOOLS DIVISION OF LEGAZPI CITY**
**Legazpi District 1**
**Bogna Elementary School**
**Legazpi City**

***TERM EXAMINATION IN EPP 4***

***TERM 1***

Pangalan: ______________________________________________________ Iskor: ________________

**Panuto:** Basahin ang bawat sitwasyon. Piliin ang titik ng tamang sagot.

**AGRICULTURE AND FISHERY ARTS**

____ 1. Ano ang pangunahing kahulugan ng agrikultura?

A. Pag-aaral lamang ng mga hayop
B. Paglilinang ng lupa at pag-aalaga ng halaman at hayop
C. Pagnenegosyo ng mga produktong pagkain
D. Pagproseso ng mga produktong agrikultural

_____ 2. Bakit mahalagang bahagi ng agrikultura ang paghahalaman?

A. Dahil dito lamang nagmumula ang lahat ng pagkain.
B. Dahil nakatutulong ito sa paglikha ng pagkain at iba pang produktong kailangan ng tao.
C. Dahil para lamang ito sa mga magsasaka.
D. Dahil ginagamit lamang ito sa pagpapaganda ng kapaligiran.

_____ 3. Alin sa sumusunod ang halimbawa ng tuwirang pagtatanim?

A. Kamatis
B. Kalamansi
C. Labanos
D. Mangga

_____ 4. Nakatira si Liza sa lungsod at maliit lamang ang bakuran nila. Nais niyang magtanim ng gulay gamit ang mga lumang paso at plastik na lalagyan. Aling paraan ng paghahalaman ang pinakamainam?

A. Contour farming
B. Containerized gardening
C. Forestry
D. Multiple farming

_____ 5. Anong paraan ng paghahalaman ang gumagamit ng tubig na may mineral na solusyon sa halip na lupa?

A. Vertical gardening
B. Containerized gardening

C. Hydroponics
D. Dish gardening

_____ 6. Si Edith Dacuycuy ng Refmad Farms ay naging matagumpay sa pagtatanim ng dragon fruit dahil sa kaniyang pagsasaliksik at patuloy na pagkatuto. Anong katangian ang higit niyang ipinakita?

A. Pagiging tamad sa paghahanap ng bagong kaalaman
B. Pagiging masinop, masipag, at bukas sa pagbabago
C. Pag-asa lamang sa tulong ng ibang tao
D. Pag-iwas sa paggamit ng makabagong teknolohiya

_____ 7. Ang isang paaralan ay nagtanim ng gulay at mga punong namumunga. Bukod sa pagkain, ano pa ang maitutulong nito sa kapaligiran?

A. Magpaparami ito ng polusyon sa hangin.
B. Magpapabilis ito ng pagguho ng lupa.
C. Makatutulong itong magbigay ng malinis na hangin at mas luntiang paligid.
D. Magpapainit ito ng kapaligiran.

_____ 8. Nais ng isang samahan ng magsasaka na dumalo sa pagsasanay tungkol sa makabagong paraan ng paghahalaman. Aling ahensya ang pangunahing nagbibigay ng ganitong serbisyo?

A. Department of Health (DOH)
B. Department of Education (DepEd)
C. Agricultural Training Institute (DA-ATI)
D. Department of Tourism (DOT)

Basahin ang sitwasyon para sa Bilang 9–10.

May taniman ng sili, repolyo, at palay ang pamilya nina Ben. Magkaiba ang paraan ng pag-aani ng bawat pananim kaya pinagplanuhan nila ang wastong kagamitan na gagamitin.

_____ 9. Aling pananim ang karaniwang inaani gamit ang kagamitang pangkamay tulad ng kutsilyo o iba pang angkop na kagamitan?

A. Repolyo
B. Sitaw
C. Kamatis
D. Labanos

_____ 10. Aling pananim ang karaniwang inaani sa pamamagitan ng kamay?

A. Palay
B. Mais
C. Sili
D. Tubo

_____ 11. Maraming ektarya ng palayan ang aanihin sa isang araw. Ano ang pinakamainam na paraan upang maging mabilis at episyente ang pag-aani?

A. Gumamit ng makabagong makinang pang-ani.
B. Isa-isang pitasin ang bawat butil ng palay.
C. Hintaying matuyo ang lahat ng halaman bago anihin.
D. Putulin ang mga tangkay gamit lamang ang kamay.

_____ 12. Matapos anihin ang mga gulay, alin ang pinakamainam na unang hakbang bago ito dalhin sa pamilihan?

A. Ibilad agad ang lahat sa ilalim ng araw.
B. Paghaluin ang mga maliliit at malalaking gulay.

C. Uriin ang mga ani ayon sa laki, kalidad, at pagkahinog.
D. Isalansan ang lahat sa isang malaking bunton.

_____ 13. Napansin ng isang samahan ng mga magsasaka na hindi pare-pareho ang kalidad ng kanilang ani. Ang ilan ay madaling nasisira dahil sa maling paraan ng pag-aani. Ano ang pangunahing dahilan nito?

A. Hindi naidaraan sa tamang paraan ng pag-aani ang mga produkto.
B. Maraming mamimili ang bumibili ng ani.
C. Masyadong malaki ang taniman ng mga magsasaka.
D. Maraming uri ng gulay ang kanilang itinanim.

_____ 14. Ano ang pinakamainam na lalagyan para sa pag-iimbak ng mga bagong aning gulay?

A. Selyadong plastik na walang butas
B. Wicker basket na malinis at matibay
C. Karton na basa ang ilalim
D. Sako na may halong basang dahon

_____ 15. Matapos anihin ang mga gulay, alin ang pinakamainam na gawin upang mapanatiling sariwa ang mga ito bago dalhin sa pamilihan?

A. Ilagay sa malamig, tuyo, at malinis na lugar.
B. Ilagay sa lugar na direktang nasisikatan ng araw.
C. Patungan ng mabibigat na kahon.
D. Ibabad sa tubig buong magdamag.

_____ 16. Nag-ani ng 120 kilo ng kamatis ang samahan ng mga magsasaka. Bago ito ibenta, inayos nila ang mga produkto ayon sa laki at kalidad. Bakit nila ito ginawa?

A. Upang maging mas maayos ang kalidad ng produkto at mas madaling maibenta.
B. Upang mabawasan ang timbang ng mga produkto.
C. Upang mas tumagal ang oras ng pagbebenta.
D. Upang hindi na kailangang linisin ang mga ani.

_____ 17. Kung ikaw ang pinuno ng samahan ng mga magsasaka, alin ang pinakamainam mong ipatupad upang mapanatili ang mataas na kalidad ng ani?

A. Hikayatin ang lahat na mag-ani kahit hindi pa tamang panahon.
B. Gumamit ng wastong paraan at angkop na kagamitan sa pag-aani ayon sa uri ng pananim.
C. Paghaluin ang mga hinog at hilaw na ani sa iisang lalagyan.
D. Mag-ani lamang kapag may bibili na ng produkto.

_____ 18. Napansin ng klase na mabilis maubos ang kanilang mga gulay dahil sariwa at maayos ang pagkakaayos ng mga ito. Ano ang pinakamainam nilang gawin sa susunod na anihan?

A. Ipagpatuloy ang wastong pag-aani, pag-iimbak, at pagbebenta ng mga produkto.
B. Bawasan ang kalidad ng kanilang mga ani upang makatipid.
C. Itigil na ang pagsasaayos ng mga produkto bago ibenta.
D. Paghaluin ang mga sirang gulay sa magagandang ani.

_____ 19. Gumastos ang klase ng ₱2,800 sa kanilang proyekto. Nabenta nila ang lahat ng ani sa halagang ₱4,100. Magkano ang kanilang kinita o tubo?

A. ₱900
B. ₱1,100
C. ₱1,300
D. ₱1,500

_____ 20. Bilang lider ng pangkat, inatasan kang gumawa ng plano upang maging matagumpay ang susunod na proyekto sa paghahalaman. Alin ang pinakamainam na hakbang?

A. Mag-ani agad kahit hindi pa hinog ang mga pananim.
B. Magtanim lamang at hintaying may bumili nang walang paghahanda.
C. Magplano ng tamang pag-aani, maayos na pag-iimbak, wastong pagbebenta, at tumpak na pagtutuos ng kinita upang mapalago ang proyekto.
D. Ituon lamang ang pansin sa pagbebenta kahit hindi maayos ang kalidad ng ani.

**INFORMATION AND COMMUNICATION TECHNOLOGY**

_____ 21. Ano ang pangunahing kahalagahan ng computer sa kasalukuyang panahon?
A. Ginagamit lamang ito sa paglalaro.
B. Tinutulungan nito ang tao sa komunikasyon, pag-aaral, trabaho, at iba pang gawain.
C. Ginagamit lamang ito sa panonood ng pelikula.
D. Pinapalitan nito ang lahat ng gawain ng tao.

_____ 22. Aling bahagi ng computer ang tinatawag na utak ng computer?
A. Monitor
B. Keyboard
C. CPU o Microprocessor
D. Printer

_____ 23. Ano ang tawag sa proseso ng pagpapatakbo ng operating system mula sa nakapatay na computer hanggang sa maging handa itong gamitin?
A. Shutting down
B. Booting
C. Printing
D. Saving

_____ 24. Alin ang tamang gawain upang maiwasan ang pananakit ng likod habang gumagamit ng computer?
A. Umupo nang tuwid at gamitin ang upuang may sapat na suporta.
B. Yumuko nang malapit sa monitor habang nagta-type.
C. Maglaro nang tuluy-tuloy nang walang pahinga.
D. Umupo sa gilid ng upuan habang gumagamit ng computer.

_____ 25. Habang gumagawa ng takdang-aralin, napansin ni Lea na sumasakit na ang kaniyang mga mata. Ano ang dapat niyang gawin?
A. Ilapit pa ang mukha sa monitor.
B. Magpatuloy sa paggamit hanggang matapos ang gawain.
C. Magpahinga muna at ipahinga ang mga mata bago ipagpatuloy ang gawain.
D. Taasan nang husto ang liwanag ng monitor.

_____ 26. Napansin ni Ben na masyadong malapit ang kaniyang upuan sa monitor. Ano ang dapat niyang gawin?
A. Ilapit pa ang monitor sa mukha.
B. Ayusin ang upuan upang magkaroon ng tamang layo sa monitor.
C. Yumuko upang mas malinaw ang screen.
D. Taasan ang volume ng speaker.

_____ 27. Habang nagta-type si Liza, napansin niyang nakataas ang kaniyang mga balikat at nakabaluktot ang pulso. Ano ang pinakamainam niyang gawin?
A. Ayusin ang kaniyang posisyon upang maging komportable ang katawan.
B. Magpatuloy kahit masakit na ang balikat.
C. Bilisan pa ang pagta-type.
D. Patayin ang monitor.

_____ 28. Habang nagsasaliksik si Carlo para sa kanilang Science project, may lumabas na pop-up na nagsasabing, *"Congratulations! You won a new cellphone. Click here to claim your prize."* Ano ang pinakamainam niyang gawin?

A. I-click agad ang mensahe upang makuha ang premyo.
B. Ibahagi agad ang link sa kaniyang mga kaibigan.
C. Isara o huwag pansinin ang pop-up at ipaalam ito sa guro o magulang.
D. Ilagay ang kaniyang personal na impormasyon upang makumpirma ang premyo.

_____ 29. Bakit hindi dapat basta-basta mag-click ng mga hindi kilalang link sa internet?

A. Dahil maaaring maglaman ito ng virus o mapanlinlang na website.
B. Dahil mas babagal ang pag-type sa keyboard.
C. Dahil maaaring mawala ang tunog ng speaker.
D. Dahil mas iinit ang monitor.

_____ 30. Alin ang nagpapakita ng paggalang sa ibang tao habang gumagamit ng internet?

A. Pagpapadala ng masasakit na mensahe kapag hindi sang-ayon sa opinyon ng iba.
B. Paggamit ng magagalang na salita at paggalang sa opinyon ng iba.
C. Pag-post ng larawan ng ibang tao nang walang pahintulot.
D. Pagpapakalat ng tsismis sa social media.

_____ 31. Nakakita si Bea ng larawan ng kaniyang kaklase sa social media. Nais niya itong gamitin sa kaniyang proyekto. Ano ang pinakamainam niyang gawin bago gamitin ang larawan?

A. I-download agad ang larawan at gamitin.
B. I-edit ang larawan upang hindi makilala ang may-ari.
C. Humingi muna ng pahintulot sa may-ari ng larawan.
D. I-post agad ito sa iba't ibang social media account.

_____ 32. Habang gumagawa ng takdang-aralin, nakatanggap si Leo ng mensahe mula sa hindi niya kilalang tao na humihingi ng kaniyang password. Ano ang dapat niyang gawin?

A. Ibigay ang password upang matapos ang usapan.
B. Palitan muna ang pangalan ng kaniyang account.
C. Huwag ibigay ang password at ipaalam ito sa magulang o guro.
D. Sagutin ang mensahe at humingi rin ng password ng kausap.

_____ 33. Si Mia ay gumagamit ng internet upang magsaliksik para sa kanilang proyekto. Paano niya maipapakita ang responsableng paggamit ng internet?

A. Kopyahin ang buong impormasyon at sabihing siya ang gumawa.
B. Gumamit ng mapagkakatiwalaang website at gamitin lamang ang impormasyong kailangan.
C. Magbukas ng maraming website kahit walang kaugnayan sa paksa.
D. Mag-download ng lahat ng makikitang file sa internet.

_____ 34. Magkaklase sina Ana at Joy na gumagawa ng proyekto sa computer laboratory. Si Ana ay tuwid ang upo, may tamang layo sa monitor, at nagpapahinga paminsan-minsan. Si Joy naman ay nakayuko, sobrang lapit sa monitor, at ayaw tumigil kahit sumasakit na ang kaniyang mata.

Sino ang gumagamit ng computer sa wastong paraan?

A. Si Joy lamang
B. Si Ana lamang
C. Pareho silang tama.
D. Wala sa kanila ang tama.

_____ 35. Napansin ni Ben na may website na humihingi ng kaniyang buong pangalan, address, password, at iba pang personal na impormasyon bago niya mabasa ang isang artikulo. Ano ang pinakamainam niyang gawin?

A. Ibigay agad ang lahat ng hinihinging impormasyon.
B. Humingi muna ng pahintulot sa kaibigan bago magpatuloy.
C. Isara ang website at huwag ibigay ang personal na impormasyon kung hindi ito mapagkakatiwalaan.
D. Gumawa ng bagong account gamit ang password ng kapatid.

_____ 36. Inutusan ang inyong pangkat na gumawa ng mga alituntunin upang maging ligtas ang paggamit ng computer laboratory. Alin ang pinakamainam na isama sa inyong plano?

A. Gumamit ng computer nang walang limitasyon sa oras.
B. Umupo nang maayos, magpahinga sa tamang oras, at sundin ang mga alituntunin sa paggamit ng computer.
C. Hayaan ang bawat isa na gumawa ng gusto nila.
D. Ilapit ang mukha sa monitor upang mas malinaw ang screen.

_____ 37. Alin sa sumusunod ang pinakamainam na gawain bago gumamit ng internet?

A. Siguraduhing ang website ay ligtas at mapagkakatiwalaan.
B. I-click agad ang lahat ng lumalabas na link.
C. Magbigay agad ng personal na impormasyon.
D. Mag-download ng anumang file nang hindi sinusuri.

_____ 38. Bilang pangulo ng inyong klase, nais mong hikayatin ang mga kaklase na maging ligtas at responsable sa paggamit ng internet. Ano ang pinakamainam mong gawin?

A. Hikayatin silang gumamit ng internet nang walang limitasyon sa oras.
B. Gumawa ng simpleng gabay tungkol sa ligtas, magalang, at responsableng paggamit ng internet at ipaliwanag ito sa klase.
C. Sabihing iwasan na lamang ang paggamit ng internet sa lahat ng pagkakataon.
D. Hikayatin silang tanggapin ang lahat ng friend request kahit hindi nila kilala.

_____ 39. Naatasan ang bawat pangkat na gumawa ng mga alituntunin para sa ligtas at responsableng paggamit ng computer at internet sa kanilang silid-aralan. Aling mungkahi ang pinakamahalagang isama?

A. Payagan ang lahat na magbahagi ng kanilang password sa mga kaibigan.
B. Gumamit lamang ng mapagkakatiwalaang website, huwag magbahagi ng personal na impormasyon, at maging magalang sa online.
C. Mag-download ng anumang application nang walang pahintulot.
D. Mag-click ng lahat ng lumalabas na advertisement upang makadagdag ng kaalaman.

_____ 40. Bilang lider ng pangkat, paano ka gagawa ng isang plano upang maging ligtas at responsable ang paggamit ng computer at internet ng inyong klase?

A. Hayaan ang bawat mag-aaral na gumawa ng sariling tuntunin.
B. Ituon lamang ang plano sa pagpapabilis ng paggamit ng computer.
C. Bumuo ng mga alituntunin tungkol sa tamang posisyon sa paggamit ng computer, tamang oras ng paggamit, pag-iingat sa personal na impormasyon, at paggalang sa kapwa online.
D. Pahintulutan ang lahat na gumamit ng anumang website basta mabilis ang internet.

***Answer Key***

1. B
2. B
3. D
4. B
5. C
6. B
7. C
8. C
9. A
10. C
11. A
12. C
13. A
14. B
15. A
16. A
17. B
18. A
19. C
20. C
21. B
22. C
23. B
24. A
25. C
26. B
27. A
28. C
29. A
30. B
31. C
32. C
33. B
34. B
35. C
36. B
37. A
38. B
39. B
40. C

Republic of the Philippines

Department of Education

**Region V-Bicol**

**SCHOOLS DIVISION OF LEGAZPI CITY**

**Legazpi District 1**

**Bogna Elementary School**

**Legazpi City**

***TABLE OF SPECIFICATIONS***

***TERM EXAMINATION IN EPP 4***

***Term 1***

| ***Learning Competency*** | ***Days Taught*** | ***Percentage*** | ***60% Easy*** | | ***30% Average*** | | ***10% Difficult*** | | ***Total*** |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| | | | ***Remembering*** | ***Understanding*** | ***Applying*** | ***Analyzing*** | ***Evaluating*** | ***Creating*** | |
| 1. Natatalakay ang kahulugan ng agrikultura at mga sangay nito sa paghahalaman. | 2 | 10% | 1 | 2 | | | | | **2** |
| 2. Natatalakay ang mga pamamaraan ng pagtatanim ng halaman. | 2 | 10% | 3 | | | | | | **1** |
| 3. Nakikilala ang iba't ibang alternatibong paraan ng paghahalaman. | 2 | 10% | 5 | 4 | | | | | **2** |
| 4. Natatalakay ang kahalagahan ng paghahalaman sa tao, hayop, at kapaligiran. | 2 | 10% | | 7 | | | | | **1** |
| 5. Natatalakay ang mga batas, ahensya, NGO, at kanilang serbisyo. | 2 | 10% | 8 | | | | | | **1** |
| 6. Nakikilala ang mga matagumpay na tao sa paghahalaman at kanilang katangian. | 2 | 10% | | 6 | | | | | **1** |
| 7. Naipakikita ang mga paraan ng pag-aani. | 2 | 10% | 9,10 | 11 | 17 | 13 | | | **5** |
| 8. Naisasagawa ang pag-aani, pag-iimbak at pangangalaga ng inaning tanim. | 2 | 10% | 14 | 15 | 12 | 16 | | | **4** |

| | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| 9. Naisasagawa nang wasto ang pagbebenta ng mga inani. | 2 | 10% | | | 18 | | 20 | | **2** |
| 10. Naisasagawa ang pagtutuos ng kinita at tubo. | 2 | 10% | | | 19 | | | | **1** |
| **SUBTOTAL** | **40** | **100%** | **7** | **6** | 4 | **2** | **1** | **0** | **20** |
| **INFORMATION AND COMMUNICATION TECHNOLOGY** | | | | | | | | | |
| 1. Naipaliliwanag ang kahalagahan ng computer at iba pang computing device. | | | 21 | | | | | | **1** |
| 2. Natatalakay ang mga bahagi at gamit ng computer at peripherals nito. | | | 22 | | | | | | **1** |
| 3. Natatalakay ang basic computer operations. | | | 23 | | | | | | **1** |
| 4. Natatalakay ang wastong posisyon, layo at oras sa paggamit ng computer at iba pang computing devices. | 10 | 50% | 24 | 25,34 | 26,27, 28 | 36 | | | **7** |
| 5. Naipaliliwanag ang mga panuntunang pangkaligtasan sa paggamit ng Internet. | 10 | 50% | 29 | 30,31, 32,33 | 37 | 35 | 39 | 38,40 | **10** |
| **SUBTOTAL** | **20** | **100%** | **5** | **6** | **4** | **2** | **1** | **2** | **20** |
| **TOTAL** | **40** | **100%** | **12** | **12** | **8** | **4** | **2** | **2** | **40** |